**UNIVERSITY GRADUATE PROGRAMS**
SILLIMAN UNIVERSITY
DUMAGUETE CITY

# MASTER OF ARTS IN FILIPINO

## Purpose

The purpose of this program is to provide training in teaching and research in Filipino and other Philippine languages.

## Requirements for Admission

Holders of Bachelor of Arts (AB), major in Filipino; Bachelor of Elementary Education (BEED), major in Filipino; and Bachelor of Secondary Education (BSE), major in Filipino, shall be eligible for admission in this program.

Applicants who have graduated from other degree programs not listed above may enroll after completing at least 18 units of undergraduate Filipino major subjects.

## Program of Study

All candidates for the master's degree in Filipino are required to complete the following courses:

**Basic Courses: (12 units)**

Ed 120- Principles of Research
Ed 122- Philosophy of Education with the New Constitution
Fil 200- Linggwistika/Linguistics
Fil 201- Paglinang ng Filipino at Pahambing na Pag-aaral ng Pangunahing Wika sa Pilipinas/Development of Filipino and the Comparative Studies of the Major Languages in the Philippines.

**Major Field of Cocentration (15 units)**

Fil 205- Pagtuturo ng iba-ibang asignatura sa Filipino/Teaching Different Courses in Filipino
Fil 206- Pagtuturo ng Filipino Bilang Pangalawang Wika/Teaching Filipino as a Second Language
Fil 207- Paglinang ng Kurikulum at Paghahanda ng mga Kagamitang Pangkurikulum sa Filipino/Curriculum Development and Preparation of Curriculum Materials in Filipino
Fil 208- Bilinggwalismo/Bilinggualism
Fil 209- Mga Makasaysayang Dulang Filipino/Filipino Plays:Survey and Analysis
Fil 210- Panulaang Filipino/Historical Filipino Poems
Fil 211- Ang Maikling Kuwento at Nobelang Filipino/Short Stories and Novels
Fil 212- Ang Sining ng Pagsasaling Wika/The Art of Translation

**Electives (3 UNITS)**

Fil 202- Ponolohiya/Phonology
Fil 203- Mga Kayarian sa Filipino/The Structure of Filipino
Fil 204- Pagtuturo ng Panitikan/Teaching of Filipino Literature

**Thesis Writing (6 units)**

Fil 250- Thesis Writing (6 units)

**Summary of Credit Units to Graduate:**

| | |
|---|---|
| Basic Courses | 12 units |
| Major Field of Concentration | 15 units |
| Electives | 3 units |
| Thesis Writing | 6 units |
| TOTAL | 36 units |

## Course Description

**205–PAGTUTURO NG IBA'T-IBANG ASIGNATURA SA FILIPINO (3 units)**

Ang kursong ito ay may layuning ipatupad ang mga patakarang itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Inihahanda ang mga mag-aaral sa pagtuturo ng iba't-ibang asignatura tulad ng wika at literatura, kasaysayan, sibika, edukasyon sa wastong pag-uugali, paggawa, sining at musika, palakasan at edukasyong pagpapahalaga.

Bibigyan ng pansin ang mga gawain at istratehiya sa pagtuturo ng Filipino gayundin ang mabisang pamamaraan, kasangkapan at kagamitan sa pagpapayaman ng pagtuturo. Tatalakayin din ang pagsukat ng mga banghay aralin o mga patnubay sa maayos at makaalamang saklaw. Kasama rito ang pagpapayaman ng talasalitaan, pag-aaral ng pananalita at mga terminilohiyang patnubay sa makabagong paraan ayon sa mga batas pangedukasyon. Bibigyang diin ang pagkakataong makapagmasid, makapagpuna, magbigay-ulat at magpakitang turo ang mga mag-aaral.

**206–PAGTUTURO NG FILIPINO BILANG PANGALAWANG WIKA (3 units)**

Ang kursong ito ay tatalakay sa sandigang kabatiran at pagpapahalaga sa mga simulain ng Filipino bilang pangalawang wika. Tatalakayin din ang mga pangunahing hakbang at kailangan sa maunlad na pagtuturo.

**207 – PAGLINANG NG KURIKULUM AT PAGHAHANDA NG MGA KAGAMITANG PANGKURIKULUM SA FILIPINO (3 units)**

Ang kursong ito ay may layuning maihanda ang mga mag-aaral sa mga simulain patnubay upang maging mahusay na guro. Tatalakayin ang pag-aayos ng mga pampaaralang kurikulum, kagamitan at instrumentong tutulong sa guro at mag-aaral upang madaling unawain at maging magaan ang pag-aaral ng Filipino. Gagamit ng mga aklat at magasin batay sa simulain, pamamaraan at teknikong sangkap sa pagtuturo.

Saklaw sa kurikulum ang mga gawain sa pakikinig, pagbigkas, pagbasa at pagsulat. Ang mabisang sangkap sa pagpapayaman ng talasalitaan at makabagong terminolohiya ay bibigyang pansin. Kasama rin ang iba't-ibang panteknikong gamit, tulad ng makabagong computer at mga lawak nito sa pagsulat at pananaliksik. Isang malinaw at makabuluhang pamanahong papel ang kailangan sa katapusan ng kurso.

**208 – BILINGGWALISM (3 units)**

Ang kursong ito ay sumasaklaw sa pagtuturo ng kaalaman, pilosopiya, at mga istratehiya. Ang mga paksa sa patakarang bilinggwal ay titipunin at tatalakayin.

**209 - MGA MAKASAYSAYANG DULANG FILIPINO (3 units)**

Ang dula ng ating bansa ay kasintanda ng ating sariling kasaysayan. Tatalakayin sa kursong ito ang mga tradisyon at kulturang umukit sa mga pangyayaring naging dahilan ng pagluluwal ng dulang Filipino. Pag-aaralan din and mga kritikal na suliranin tulad ng panlipunan at ekonomiko na inilarawan sa mga dula na naging hagdan sa pagkamulat at pagkakilala sa kahalagahan ng dula.

**210 - PANULAANG FILIPINO (3 units)**

Ang layunin ng kursong ito ay mapalawak ang kaalaman ng mga estudyante sa tula para sa gradwadong antas. Ang kasaysayan, batayan, uri at sangkap ng tula gayundin ang pag-unlad nito ay tatalakayin. Bibigyan ng pagkakataon na anyayahan at pakinggan ang mga pangunahing makata. Sisikaping sumulat at magsuri ng tula.

**211 - ANG MAIKLING KUWENTO AT NOBELANG FILIPINO (3 units)**

Ito ay tungkol sa pag-aaral ng mga maikling kuwento at nobela sa Pilipinas at ang kasaysayan ng pag-unlad nito. Tatalakayin ang mga manunulat, suliranin, tagumpay sa pagsulat, pag-aaral ng kalagayan ng lipunan at kakanyahan ng bawat panahon. Kailangan ang pag-uulat ng maikling kuwento at nobela.

**212 - ANG SINING NG PAGSASALING-WIKA (3 units)**

Ang layunin ng kursong ito ay pag-aralan ang kasaysayan ng pagsasalingwika. Tatalakayin ang mga isinagawang pagsasalin sa Bibliya at mga akdang klasika, maging patula, tuluyan at mga awitin. Mapalawak ang pananaw sa mga simulain ng pagsasalin at mabigyan ng mga patnubay, panuntunan at mabuting sanggunian laluna sa bahagi ng panghihiram sa mga katawagang pang-agham at panteknolohiya. Isang pamanahong papel tungkol sa pagsasalin ang gagawin ng mga mag-aaral.